

Mga Wika

Upang mapagsilbihan ang ating komunidad kung saan ang mga tao ay nagsasalita ng iba't-ibang wika, ang impormasyon para sa mga pasyente at mga bisita ay isinalin sa:

- Portuguese
- Polish
- Espanyol
- Italyano
- Ukrainian
- Tradisyonal na Intsik
- Vietnamese
- Tagalog
- Pranses
- Russian

Mayroon din kaming mga serbisyo sa interpretasyon sa kapwa sinasalitang wika at American sign language para sa mga pasyente at mga health care provider. Ibinibigay namin ito sa pamamagitan ng part-time staff interpreters, casual labour interpreters, mga nagboboluntaryong tauhan, at mga mapagkukunan ng tulong sa komunidad

Ang mga serbisyo para sa harap-harapang interpretasyon ay makukuha sa pamamagitan ng pakikipag-appointment. May makukuhang interpretasyon sa telepono mula sa Language Line Services 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.

Kapag gumagawa ng appointment sa St. Joseph's Health Centre, mangyaring ipaalam sa booking clerk na kailangan ninyo ng interpreter. Kukuha siya ng isang interpreter na dadalo sa inyong appointment.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang Interpreter Services sa 416-530-6000 ext. 3451.

Impormasyon para sa Bisita

Nauunawaan namin na ang pagbisita sa isang minamahal na nasa ospital ay maaaring maging stressful. Malugod naming sinasalubong ang mga bisita sa Health Centre, at mayroon kaming ilang mga serbisyo upang gawing maginhawa ang inyong pagbisita hangga't maaari.

- Direksyon papunta sa Health Centre
- Parking
- Information Desk
- Courtesy Desk
- Mga Oras ng Pagbisita
- Mga Mapa ng bawat Floor
- Pagbisita sa Obstetrics
- Paghahanap sa isang Pasyente
- Katayuan ng Pasyente
- Mga Tutuluyan ng Bisita
- Pagpapadala ng mga Bulaklak
- Ang Gift Shop
- OHIP Cards
- Cafeteria
- Second Cup
- Chapel
- Bank Machine
- Botika

Direksyon kung May Sasakyan papunta sa Health Centre

Para sa direksyon papunta sa St. Joseph's Health Centre kung may sasakyan o kung sasakay sa publikong transportasyon, magklik dito.

Parking

Ang aming multi-level parking garage ay makikita sa north west na kanto ng The Queensway at Sunnyside Avenue, at ito ay laging bukás.

Information Desk

Ang Information Desk ay ang inyong kauna-unahang mapagkukunan ng impormasyon at direksyon. Ito ay makikita sa main entrance sa first floor. Ito ay bukás mula 7:00 ng umaga hanggang 9:00 ng gabi Lunes hanggang Biyernes, at 9 ng umaga hanggang 9 ng gabi Sabado, Linggo, at mga piyesta opisyal.

Courtesy Desk

Ang mga nasa Courtesy Desk ay mga boluntaryo na naroroon upang tulungan kayong mahanap ang inyong pupuntahan. Ang Courtesy Desk ay makikita kaagad sa north ng main entrance hall, sa first floor, sa mga main elevator ng Morrow Wing. Ang mga oras nito ay nag-iiba-iba.

Mga Oras ng Pagbisita

Ang mga oras ng pagbisita ay mula 11:30 ng umaga hanggang 9:00 ng gabi. Ang mga pasyente ay maaaring magkaroon ng dalawang (2) bisita sa anumang panahon sa loob ng mga oras na ito. Mangyaring tandaan na ang bata ay itinuturing na isang bisita, at dapat laging may kasamang matandâ ang mga bata sa lahat ng oras.

Ang mga lugar para sa inpatient tulad ng intensive care, cardiac care, mental health, child and adolescent mental health at rehabilitation ay mayroong sarili nilang mga oras ng pagbisita. Mangyaring magtanong sa nars na nakaduty para sa impormasyon.

Mga Mapa ng bawat Floor

Upang makita ang mapa ng Health Centre, i-download ang mga pdf sa ibaba:

- [Ground Floor](#)
- [First Floor](#)
- [Second Floor](#)
- [Third Floor](#)
- [Fourth Floor](#)
- [Fifth Floor](#)
- [Sixth Floor](#)
- [Seventh Floor](#)

Pagbisita sa Obstetrics

Ang kapakareha o ang isang taong nagbibigay suporta ay maaaring manatili roon sa buong panahon habang nag-lalabour at nanganganak. Ang ibang mga bisita ay papapasukin sa pagpapasya ng Nars na siyang namamahala roon; hanggang apat ang pinakamarami. Sa Post-Partum Unit, ang kapareha o ang isang taong nagbibigay-suporta ay maaaring bumisita kahit kailan

hanggang 9:00 ng gabi ngunit maaari lamang manatili nang magdamag sa isang private room. Ang mga kapatid at mga lola at lolo ay maaaring bumisita mula 6:00 ng gabi hanggang 9:00 ng gabi, at may limit na apat na bisita sa bawat beses.

Paghahanap sa isang Pasyente

Upang makuha ang room number o telepono ng pasyente, mangyaring tumawag sa 416-530-6038. Sa Health Centre, mangyaring magtanong sa Information Desk.

Katayuan ng Pasyente

Ang mga health care provider ay napapasailalim sa mga alituntunin ng pagiging lihim ng pasyente. Ang mga resulta sa pagsusuri, mga plano sa paggamot, at ang iba pang impormasyon ay sa pangkalahatan hindi ibinibigay sa telepono. Upang malaman ang pangkahalatang katayuan ng isang pasyente, mangyaring makipag-alam sa nars na naka-duty. Upang magtanong tungkol sa detalyadong medikal na katayuan ng isang pasyente, mangyaring makipag-alam sa humahawak na doktor.

Mga Tutuluyan ng Bisita

May ilang mga hotel, motel, at bed at breakfast na tutuluyan na limang minuto lamang ang layô mula sa Health Centre. Mangyaring magklik sa www.torontotourism.com/Visitor/WhereToStay para sa karagdagang impormasyon.

Pagpapadala ng mga Bulaklak

Upang magpadala ng mga sariwang bulaklak sa pasyente, mangyaring bisitahin ang Gift Shop sa Morrow Wing sa first floor, north lamang ng main entrance. Maaari ka rin tumawag upang magpadeliber ng mga bulaklak at card. Mangyaring tumawag sa 416-530-6486 ext. 3296.

Ang Gift Shop

Ang Gift Shop ay nasa Morrow Wing sa first floor, north lamang ng main entrance. Ang mga nagtratrabaho rito ay mga boluntaryo ng Health Centre. Ang lahat ng aming kinikita dito ay ipinagkakaloob sa St. Joseph's upang suportahan ang pangangalaga sa pasyente. Sa karaniwang araw ng linggo, ang Gift Shop ay bukás sa Lunes at Martes mula 9:30 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon; at Miyerkoles hanggang Biyernes mula 9:30 ng umaga

hanggang 8:30 ng gabi. Ito ay bukás ng Sabado mula 12:00 hanggang 4:00 ng hapon at Linggo sa pagitan ng 10:00 ng umaga at 4:00 ng hapon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa 416-530-6000 ext. 3296.

OHIP Cards

May opisina ng Ministry of Health and Long-Term Care OHIP na matatagpuan sa 1st floor ng Sunnyside Building. Dalawang beses bawat buwan, ang mga bisita at mga tauhan ay maaaring mag-file ng aplikasyon para sa mga bagong health card, mga kapalit na card at pag-renew ng card. Ang mga pormularyo para sa Health Card ay makukuha rin sa Patient Accounts sa first floor ng East Wing ng Health Centre. Mangyaring tumawag sa 1-800-268-1154 o bisitahin ang www.health.gov.on.ca/index.html para sa karagdagang impormasyon.

Cafeteria

Ang aming cafeteria ay makikita sa Barnicke Wing sa first floor, north lamang ng pasilyo ng main entrance at Gift Shop. Ito ay bukás mula 6:45 ng umaga hanggang 6:00 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes, at 8:00 ng umaga hanggang 6:00 ng gabi ng Sabado't Linggo at mga piyesta opisyal.

Second Cup

Ang Second Cup ay makikita sa first floor ng main entrance, sa tabi ng mga main elevator.

Ito ay bukás mula 6:30 ng umaga hanggang 9:00 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes, at 7:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi ng Sabado't Linggo.

Chapel

Ang St. Joseph Chapel ay para sa lahat ng mga pasyente, mga kaibigan at pamilya, tauhan at mga miyembro ng aming komunidad para sa mga serbisyo, pribadong pagdarasal o pag-iisip. Ito ay matatagpuan sa Morrow Wing, second floor, north lamang ng mga elevator. Ang aming pintuan ay laging bukás, at malugod naming tinatanggap ang lahat ng nais pumasok

Bank Machine

May Automated Teller Machine (ATM) na matatagpuan sa loob ng cafeteria.

Botika

Ang mga Serbisyo ng Botika ay para sa mga inpatient, outpatient, tauhan at publiko. Ang Retail (para sa Outpatient) Pharmacy ay makikita sa East Wing sa ground floor. Ito ay bukás mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes, at 5:30 ng hapon hanggang 7:45 ng gabi Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa 416-530-6555.

Ang Paghahanda Para sa Inyong Pagpapa-ospital

Nauunawaan namin na ang pagpunta sa ospital bilang pasyente ay maaaring stressful. Ang malaman kung ano ang maaasahang mangyari ay kadalasang nakakabawas ng stress. Ang impormasyon sa ibabâ ay ginawa upang matulungan kayong maghanda para sa inyong pagpapa-ospital.

- Admissions
- Mga Kuwarto sa Ospital
- Mga Gamot sa Kuwarto
- Ang Inyong mga Mahahalagang Bagay
- Ano ang Inyong Dadalhin
- Pahintulot para sa Paggamot
- Pre-Admission Centre
- Paghahanda para sa isang Operasyon
- Mga Serbisyo ng Tagasalin
- Accessibility para sa mga Taong may Kahirapan sa Pandinig
- Impormasyon ukol sa Pananalapi at Insurance
- Pag-uwi sa Tahanan
- Karagdagang Pangangalaga sa Tahanan
- Pagkuha ng Inyong mga Rekord
- Life-Sustaining Treatment (Paggamot na Nagpapanatili ng Buhay)
- Mga Pagpapasiya sa Nalalapít na Kamatayan

Admissions

Kung naka-iskedyul kayong ma-admit para sa isang elective surgical procedure, ang Pre-Admission Clinic sa Registration Area sa second floor ng Barnicke Wing ang mamamahala sa inyong admission. Kung na-admit kayo

mula sa ibang lugar ng Health Centre, may tauhan sa Registration na tutulong sa inyo sa proseso ng pagpapa-admit.

Mga Kuwarto sa Ospital

May tatlong uri ng kuwarto sa ospital na para sa mga pasyente sa St. Joseph's:

- Standard Ward: mahigit sa dalawang pasyente bawat kuwarto, sakop ng OHIP, walang dagdag na singil
- Semi-Private: dalawang pasyente bawat kuwarto, may araw-araw na bayad. Kailangan magbigay ng impormasyon tungkol sa insurance, at kailangan ng deposito.
- Private: isang pasyente bawat kuwarto, ang ilan ay may sariling banyo; may araw-araw na bayad. Kailangan magbigay ng impormasyon tungkol sa insurance, at kailangan ng deposito.

Ang karamihan ng mga kuwarto ng pasyente ay maaaring lagyan ng TV, at maaari rin kayo magrenta ng isa mula sa amin. Mangyaring huwag magdala ng electronics, at tanungin sa inyong nars bago gumamit ng anumang electrical appliance.

Ang karamihan ng mga kuwarto ng pasyente ay may mga telepono. Maaaring may araw-araw na bayad para sa paggamit nito. May mga pay phone sa bawat floor at sa cafeteria.

May mga device na magagamit upang makarinig nang mas mabuti. Mayroon kaming mga TTY machine, TTY na telepono, at iba't-ibang technical devices na magagamit ng pasyente. Ang TTY na telepono ay 416-530-6820.

Upang makapagbigay ng malugod na kapaligiran para sa mga pasyente at mga bisita, pinahihintulutan ng Joseph's Health Centre ang paggamit ng mga cell phone at wireless communication devices sa mga lugar na pampubliko at general clinic. Mangyaring sundan ang mga sign na nakapaskil sa buong ospital o kausapin ang inyong health care provider para sa karagdagang impormasyon.

Mga Gamot sa Kuwarta

Kung nagdala kayo ng mga gamot, mangyaring ibigay ito sa inyong nars upang maitago. Huwag mag-iwan ng mga gamot sa tabi ng inyong kama o sa inyong kuwarta.

Ang Inyong mga Mahahalagang Bagay

Mangyaring iwanan ang lahat ng inyong mahahalagang bagay sa bahay. Kung kinakailangan, ang mga mahahalagang bagay ay maaaring itago ng aming Protection Services, ngunit wala kaming pananagutan para sa anumang sira o kapag ito'y nawala. Para sa impormasyon, mangyaring tumawag sa Protection Services sa 416-530-6382. Maaari silang i-page sa 416-739-5335.

Ano ang Inyong Dadalhin

Mayroong ilang mga bagay na dapat ninyo dalhin:

- ang inyong Ontario Health Card. Kung nagpunta na kayo sa amin dati, dalhin ang inyong St. Joseph's Health Centre patient card (kulay asul na card) at ang impormasyon ukol sa pangalawang insurance coverage
- isang listahan ng anumang mga gamot na iniinom ninyo, kasama ang mga puffer
- mga bagay para sa katawan, tulad ng sepilyo, toothpaste, brush/suklay, pang-ahit, shampoo at deodorant
- cotton na pajama na de-butones ang pang-itaas, tsinelas, at housecoat o dressing gown
- salamin, mga hearing aid, at pustiso
- isang radyong de-bateriya, kung gusto ninyo

Pahintulot para sa Paggamot

Hihilingin sa inyo ng inyong doktor at ibang mga propesyonal sa health care ang inyong nakasulat na pahintulot bago nila kayo gamutin. Itatalakay nila sa inyo ang paggamot, at tutulungan nila kayo maunawaan ang mga opsyon upang mapili ninyo ang pinakamabuti para sa inyo. Dapat kayo sumang-ayon nang nakasulat bago maisagawa ang isang procedure.

Kung hindi kayo makapagbigay ng may-kaalamang pahintulot, kakausapin ng inyong team sa health care ang isang taong malapít sa inyo – kadalasan

isang kapamilya – upang ipaliwanag ang paggamot at humingi ng pahintulot. Kung mayroon kayong anumang mga tanging dokumento o mga papeles na may kinalaman sa inyong mga kagustuhan, tulad ng isang Power of Attorney para sa Personal na Pangangalaga, o isang “Living Will”, mangyaring pag-usapan ito kasama ng inyong health care team.

Pre-Admission Centre

Kung kayo ay pasyenteng magpapa-opera at kinakailangan ang pre-admission, mag-iiskedyul ang inyong siruhano o doktor sa pamilya ng isang appointment sa aming Pre-admission Clinic. Ang Klinikang ito ay nasa Barnicke Wing sa second floor. Masasagot ng aming tauhan ang inyong mga katanungan, matutulungan kayong kumpletohin ang lahat ng inyong mga kinakailangang test at mga papeles, at ihahanda kayo sa pamamagitan ng pagsabi sa inyo kung ano ang inyong maaasahan. Mangyaring tandaang:

- inumin ang inyong mga karaniwang gamot tulad ng inireseta
- kumain at uminom tulad ng normal ninyong ginagawa sa araw ng inyong Pre-admission appointment
- dalhin ang inyong OHIP card at anumang karagdagang health insurance coverage na mga dokumento na mayroon kayo
- dalhin ang lahat ng inyong mga gamot, kabilang ang anumang herbal na suplemento na kasalukuyan ninyong iniinom o ginagamit, sa kanilang mga orihinal na lalagyan
- dalhin ang lahat ng mga kinompletong pormularyo mula sa inyong doktor ng pamilya at/o siruhano
- magdala ng isang libro o magazine na babasahin habang hinihintay ninyo ang mga test
- magtanong: ang impormasyon na makukuha ninyo ay makakatulong sa inyo na gumawa ng mga may-kaalamang desisyon sa health care

Para sa impormasyon, mangyaring tawagan ang Pre-Admission Centre sa 416-530-6504.

Paghahanda para sa isang Operasyon

Oras na nasa operating room, maaari kayong hintayin ng inyong pamilya sa Family Waiting Area, na nasa second floor ng Barnicke Wing, lampas lamang sa pasilyo ng Day of Surgery na lugar. Ang kuwartong ito ay bukás

para magamit na hintayan ng mga kamag-anak at dito ninyo makakausap ang inyong doktor pagkatapos ng inyong operasyon

Pagkatapos ng operasyon, kayo ay magre-recover mula sa anaesthesia sa Post Anaesthetic Care Unit (PACU). Maaaring manatili kayo sa PACU nang isa hanggang tatlong oras. Mula PACU, ililipat kayo sa Day of Surgery na lugar kung uuwi kayo sa parehong araw, o kung magdamag kayo sa ospital, ililipat kayo sa isang inpatient bed. Mangyaring tandaan na isang bisita lamang para sa bawat pasyente ang pinapayagan sa Day of Surgery na lugar. Para sa mga inpatient unit, dalawang bisita bawat beses ang pinapayagan.

Mga Serbisyo ng Tagasalin

Upang masilbihan ang ating komunidad kung saan ang mga tao ay nagsasalita ng iba't-ibang wika, mayroon kaming mga serbisyo ng interpretasyon sa wika para sa mga pasyente at mga health care. Ibibigay namin ito sa pamamagitan ng part-time staff interpreters, casual labour interpreters, volunteer staff, at mga tumutulong sa komunidad.

Ang mga serbisyo sa harapang interpretasyon ay makukuha sa pamamagitan ng appointment. Ang interpretasyon sa telepono ay makukuha sa pamamagitan ng Language Line Services 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Mayroon ding Certified American Sign Language Interpreter Services.

Kapag gumagawa ng appointment sa St. Joseph's Health Centre, mangyaring ipaalam sa booking clerk kung kailangan ninyo ng interpreter. Mag-aasikaso siya upang makakuha ng interpreter para sa inyong appointment.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang Interpreter Services sa 416-530-6000 ext. 3451.

Accessibility para sa mga Taong may Kahirapan sa Pandinig

Ang St. Joseph's Health Centre ay handang tumulong sa aming mga pasyenteng bingi at may kahirapan sa pandinig upang maging mas maginhawa ang kanilang pakiramdam habang sila'y naririto. Ang mga sumusunod na serbisyo at equipment ay makukuha:

Amplified Telephone

Para sa mga taong bingi nang kaunti. Ito'y kompatible sa hearing aid at may volume control. Mangyaring tanungin ang inyong nars o health care provider kung kailangan ninyo ng isa.

Baby Sound Monitor

Nagpapadala ng signal sa flashing lamp o "bed shaker" kapag umiyak ang sanggol. Ito'y makukuha sa nursing station.

Pocket Talker/Sound Unit

Ito'y isang one-to-one communication device na nagpapalakas ng boses ng nagsasalita sa headphones na suot ng nakikinig. Maaaring i-adjust ang volume. Tanungin ang inyong nars o health care provider tungkol sa paggamit ng isang pocket talker.

Mga TV

May mga closed-captioned television na marerentahan mula sa television rental service.

Uniphone (TTY/TDD)

Portable combination telephone at teletypewriter na may voice carry over. Mangyaring tanungin ang inyong nars o health care provider.

Para sa mga katanungan tungkol sa alinman sa mga gamit sa itaas o tungkol sa Accessibility for People with Hearing Loss Initiative, mangyaring tawagan ang Interpreter Services sa 416-530-6000 ext. 3451

Impormasyon ukol sa Pananalapi at Insurance

Para sa mga residente ng Ontario na may balidong health insurance card, ang Ontario Health Insurance Plan (OHIP) ang magbabayad para sa ospital at sa mga serbisyong medikal nang may ilang mga eksempsiyon. Kabilang sa mga item na hindi sakop ng OHIP:

- mas gustong kuwarto: semi-private at private rooms
- telepono at TV
- mga bayad sa ambulansiya; ang lahat ng mga gumagamit ay dapat magbayad ng isang co-payment para sa paggamit ng ambulansiya papunta sa ospital.

- mga kagamitan na kinuha mula sa ospital tulad ng saklay, tungkod at abdominal binders
- mga serbisyo na hindi sakop ng insurance, tulad ng pagpapatuli para sa mga bagong panganak na sanggol, pagtanggap ng ilang mga nunal at cysts, cosmetic surgery, at anumang iba pang mga hindi nakalistang serbisyo na itinakdâ ng Ministry of Health and Long-Term Care

Mga Pasyenteng Walang Insurance

Para sa mga pasyenteng walang insurance (walang OHIP), sila mismo ang magbabayad sa mga singil ng ospital at doktor. Sakop sa daily room rate ang mga pagkain, pangangalaga ng nars at ilang medical supplies. Ang mga medikal na gastos ay sisingilin nang hiwalay ng inyong doktor. Ang mga paraan ng pagbabayad ay dapat napagkasunduan bago i-admit at/o bago ng serbisyo. Mangyaring tawagan ang Patient Accounts sa 416-530-6498.

Pag-uwi sa Tahanan

Kung sa palagay ng inyong doktor na kayo ay handa nang umuwi sa tahanan, siya ay susulat ng isang kautusan para sa inyong paglabas.

Ang karaniwang oras ng paglabás ay 9:00 ng umaga para sa mga pasyenteng inoperahan; ang Medicine units ay karaniwang nagpapalabás ng 11:00 ng umaga.

Kung tiniyak ng inyong doktor na kailangan ninyong manatili nang lampas sa petsa ng inyong paglabas habang inaayos ang iba't-ibang uri ng pangangalaga, (chronic care, nursing home, extended care, o tahanan para sa matatanda) kayo ay hihilinging makibahagi sa bayad ng inyong silid at mga pagkain. Ito ay hindi umaaplay sa mga pasyenteng naghihintay ng rehabilitation, palliative care o ng home care.

Bago umalis sa Health Centre, mangyaring bisitahin ang aming opisina ng Patient Accounts, sa East Wing, first floor, upang bayaran ang inyong account. Ang pagbabayad ay maaaring cash, cheque, debit card, VISA, American Express o kaya MasterCard.

Kung susunduin kayo ng inyong pamilya o ng mga minamahal sa buhay, siguraduhin na ipaalam sa kanila ang oras ng inyong paglabas. Ang

Tranquility Entrance sa Ground Floor ng Morrow Wing ay ang pinakamainam na lugar upang maghintay para sa kanila. Kung kailangan ninyo ng taxi, may “taxi phones” na matatagpuan sa mga pangunahing entrance ng Tranquility at Emergency.

Karagdagang Pangangalaga sa Tahanan

Maaaring kailangan ninyo ng karagdagang pangangalaga sa tahanan. Kung ganoon, mangyaring sabihin kaagad sa inyong nars. Malugod namin kayong tutulungan dito. Mangyaring magtanong tungkol sa aming Lifeline Program, na nag-aalok ng emergency response service sa tahanan. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa 416-530-6453.

Pagkuha ng Inyong mga Rekord

Ang mga rekord ng pasyente ay mahigpit na lihim, at dapat sumunod ang Health Centre sa batas hinggil sa pagka-pribado at pag-access sa mga rekord. Ang lahat ng mga kahilingan para sa pagpapalabas ng personal na impormasyon sa pasyente ay kailangang ipadala nang nakasulat sa:

St. Joseph's Health Centre
30 The Queensway
Toronto, ON
M6R 1B5
Attention: Health Records ROI

Mangyaring isama rin ang (mga) petsa kung kailan kayo naging pasyente sa Health Centre, gayon din ang petsa ng inyong kapanganakan, pangalan at apelyido, address kung saan ipapadala ang inyong patient information, numero ng telepono, at ang inyong pinirmahan pahintulot.

Life-Sustaining Treatment (Paggamot na Nagpapanatili ng Buhay)

Ang Advance Directive ay isang dokumento na ginagamit upang ituro o sabihin sa iba kung anong uri ng life-sustaining treatment ang gusto ninyo, kung nawalan man kayo ng kakayahan na magpasiya o kung nawalan kayo ng kakayahang ipaalam ang gusto ninyo. Mangyaring tumawag sa aming Centre for Clinical Ethics para sa karagdagang impormasyon, sa 416-530-6750.

Mga Pagpapasiya sa Nalalapít na Kamatayan

Alinsunod sa pilosopiya, mission (pakay) at values (mga minamahalaga) ng St. Joseph's Health Centre, ang mga healthcare provider ay may étikál na pananagutan na magbigay ng mahusay na pangangalaga sa nalalapít na kamatayan. Kabilang dito ang pagtulong sa mga pasyente at mga pamilya na magpasiya tungkol sa paggamot at pangangalaga sa nalalapit na kamatayan. Mangyaring tumawag sa aming Centre for Clinical Ethics para sa karagdagang impormasyon, sa 416-530-6750.

Mission, Vision and Values (Pakay, Pananaw at mga Minamahalaga)

Mission (Pakay)

Ang St. Joseph's Health Centre ay isang Katolikong nagtuturong ospital sa komunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa health care (pangangalaga sa kalusugan) na sumasalamin sa mga tunay na kahulugan ng Ebanghelyo ng paggalang, dignidad at pagkahabag. Kami ay dedikadong magtaguyod sa isang malusog na komunidad para sa lahat. Nakikipagtulungan kami sa ating komunidad upang ipaabot ang pagpapagaling ng ministro ni Kristo sa may sakit, sa hindi nabiyayaan at sa mahina.

Vision (Pananaw)

Ang aming vision ay ang maging Pinakamahusay sa Canada na Nagtuturong Ospital sa Komunidad.

Values (Mga Minamahalaga)

Bilang isang Katolikang ospital, naniniwala kami na ang buhay ay sagrado mula pa sa sandaling ipagbuntis hanggang sa kamatayan, dahil ibinigay sa atin ng Diyos ang buhay nang may pagtitiwala.

Ang pagkilala sa likas na biyaya ng buhay ng tao ay may mga malaking implikasyon sa mga paraan kung paano namin trinatrato ang isa't-isa, at kung paano namin inaalagaan ang bawat pasyente habang pinananatili ang integridad at katapangan upang mamalaging tapat sa aming sarili.

Para sa mga hindi bahagi ng Katolikang relihiyon o hindi naniniwala sa

Diyos, ang paniniwalang ito ay katumbas ng paggalang, karangalan at pagkahabag – mga pangkalahatang kaugalian ng tao na tinatanggap at maaaring ipraktis nang walang pagsasaalang-alang sa relihiyon. Pinapraktis namin:

Ang Karangalan ng Tao

Ang bawat tao ay pinapahalagahan bilang natatanging indibidwal na may karapatang igalang at tanggapin.

Kahusayan

Isang pangako na magsikap para sa pinakamahusay sa pangangalaga, edukasyon, pananaliksik at kalidad ng buhay.

Pagkahabag

Kalidad ng pagharap sa pasyente at pag-aalaga na nagtataguyod sa paggaling at kahusayan ng katawan.

Pananagutan sa Lipunan

Mga kilos na nagtataguyod sa makatwirang paggamit ng resources na ipinagkatiwala sa amin para paunlarin ang buhay ng tao, kapwa personál at sa trabaho.

Komunidad ng Serbisyo

Mga komunidad ng mga tao na nagtatrabaho nang sama-sama sa isang kapaligiran nang may pagdamay sa isa't-isa na nagpapagaling at nagpapaunlad sa potensiyal ng tao.